# WIKANG FILIPINO, WIKA NG PAGHAHANDA

*Ni:*
**Adam Helson G. Elardo**
*Teacher I, St. Francis National High School*

Dahil sa kalagayan ng Pilipinas, mula georapikal na kinalalagyan at katangian nito hanggang sa mga presensya ng mga internal na alitan (human conflict) sa ilang mga pulo ng bansa ay isang magandang hakbang ang lalong pagpapaigting ng paghahanda sa oras ng sakuna o Disaster Risk Reduction Management (DRRM).

Bilang bansang binubuo ng mga pulo at napaliligiran ng mga karagatan ay nagiging malimit ang pagkakaroon ng maraming bagyo o tropical cyclone sa Philippine Area of Responsibility (PAR) na nagreresulta sa madalas na pag-ulan, mga windstorm, pagbaha, daluyong, mga flashflood, landslide, at iba pang mga kauri nito. Dagdag pa, dahil sa kinasusumpungan ng bansa sakop ng Pacific Ring of Fire ay ang madalas na mga pagyanig ng lupa na nagreresulta sa mga paglindol, pagsabog ng mga bulkan, at mga tsunami. Isama pa natin ang matitinding init na maaring magbunga ng forest fire hanggang sunog sa mga komunidad. Maliban sa mga natural na kalamidad ay idagdag pa ang tinatawag na human-induced disaster. Lahat ng mga ito ay nagbubunga ng mga napakatitinding trahedya; pagkasira ng mga kabuhayan, pagkawasak ng mga imprastraktura, at pagkasawi ng maraming mga buhay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Nang mabawasan ang mga panganib dulot ng nabanggit na mga hazard ay malaking tulong ang pag-iimplementa at pagpaparating ng tama at makabuluhang impormasyon sa wastong paghahanda sa oras ng mga sakuna sa mga komunidad, grupo, ahensya at mga paaralan.

Upang maihatid ito nang higit na maiintindihan ng nakararaming Pilipino ay mainam na gamitin ang "wika ng komunidad" na tatanggap ng impormasyon. Dito

papasok ang kahalagahan sa paggamit ng wikang Filipino sa paghahatid ng mga tamang impormasyon mula sa DRRM.

Ang estratehiyang ito ay epektibong paraan upang maunawaan ng sinoman kung ano ang mga dapat gawin sa panahon ng trahedya. Mababawasan o mawawala ang language barrier dahil sa paggamit ng wikang Filipino. Masasalamin ang paggamit ng Filipino sa mga seminar, webinar, mga anunsyo sa radyo at telebisyon, impormasyon sa pamphlet, dyaryo, magazine, manwal gayundin sa mga nakapaskil sa mga bulletin board at marami pang iba. Kahit ang simpleng mamayan ay malalaman ang mga bagay na dapat niyang gawin upang maibsan ang sakunang dulot ng mga trahedya dahil naiintindihan niya ang nakasaad dito. Ang information dissemination ay nagiging mas maayos, epektibo at makatotohanan.

Ang paggamit ng wikang Filipino sa panahon ng sakuna ay masasabing pagpapalakas din ng ating sariling wika. Nagiging lalong mabisa ang komunikasyon sa pagitan ng kinauukulan at ng komunidad dahil sa paggamit ng wikang maiintindihan ng lipunan. Ang paglinang at paggamit ng Filipino sa pakikipagkomunikasyon ay nakasaad din sa Konstitusyon ng 1987 Artikulo XIV, Sek. 7: "Ukol sa mga layunin ng komunikasyon… ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino…"

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang wikang Filipino ay ang wikang opisyal ng bansa kaya't makatwirang ito rin ang gamitin sa paghahatid ng mga kritikal na impormasyon na maaring magligtas ng buhay. Ang wikang ito ay hindi lamang wika sa pakikipagkomunikasyon dahil ito rin ay "wika ng paghahanda."

*Sanggunian:*

Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987, Artikulo XIV, Sek. 7. https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/1987/02feb/19870211-Konstitusyon-CCA.pdf

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan